

Ang mga biktima ng DV (domestic violence), stalking, pang-aabuso sa bata at iba pa mula sa kanilang asawa ay maaaring limitahan ang pag-bukas at pag-bigay ng impormasyon ng basic resident registration sa pamamagitan ng pag-apply nito

Para sa mga biktima ng DV (domestic violence), stalking, pang-aabuso sa mga bata o iba pang kilos na katumbas nito mula sa kanilang asawa, ay maaaring ipalimita ang pag-bukas, pag-bigay ng impormasyon ng basic resident registration at residence certificate sa taong nagdulot ng pinsala sa biktima, sa pamamagitan ng pag-apply ng suporta sa munisipalidad.

Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa munisipalidad kung saan naka residente.

【Mga kabuuran ng pamamaraan ng pag-suporta】

1 Layunin

Pag-pigil sa hindi tamang pag-gamit ng pag-bukas o pag-isyu ng impormasyon ng residence certificate o family register, upang maprotektahan ang mga biktima ng DV atbp.

2 Pag-tanggap ng aplikasyon

Ang Mayor ng munisipalidad ay tumatanggap ng aplikasyon mula sa biktima ng DV na nakalista sa no.1 at pagpapatupad ng mga suporta na nakalista sa no.3. Hihingi ng opinyon sa mga Pulisya, Spousal Violence Counseling and Support Center, Child Guidance Center atbp, at susuriin ang pangangailangan na suporta.

3 Ang paraan ng pag-suporta

Dahil nakapasya na hindi tama ang layunin ng pag-gamit ng mga impormasyon, hindi namin tatanggapin ang pag-apply ng taong nagdulot ng pinsala sa biktima na ipakita o mag-isyu ng mga impormasyon sa oras na makilala ito.

Ang nag-apply na ikatlong partido ay susuriin ang pag-kakakilanlan ng mas mahigpit, tulad ng paghingi ng basic resident registration card na may larawan atbp, upang maiwasan ang pag-papakita o pag-isyu ng mga impormasyon sa taong nagdulot ng pinsala sa biktima na nagpanggap bilang isang ikatlong partido.

Bukod pa rito, magsasagawa kami ng mas mahigpit na pagsusuri sa rason ng pag-apply upang maiwasan ang pag-bigay o pag-isyu ng impormasyon sa ikatlog partido na inutusan ng taong nagdulot ng pinsala sa biktima.